



**Abstract**

The short story, “Kung Iibig Ka sa Panahon ng Pandemya: May Tamis at Pait ang COVID-19,” expounds how distance, time zones, and geography have affected the lives and relationship of a couple during the COVID-19 pandemic. It presents the essence of trust and sacrifice in the midst of a beloved’s absence and the possibilities of desire and deceit.



**Keywords**

Milan, Bulakan, taho (silken tofu), migration, amore (beloved)


**English title**

Being In Love in the Time of a Pandemic

# KUNG IIBIG KA SA PANAHON NG PANDEMYA:

## *May Tamis at Pait ang COVID-19*


**NONON VILLALUZ CARANDANG**


MULA NANG MAKAUWI si Ellen sa Pilipinas nitong Enero 2021, minarapat niyang manirahan sa naipundar nilang bahay ni Darwin sa Bulakan, Bulacan.

Minarapat na umuwi ni Ellen dahil sa wala naman siyang trabaho sa Milano, Italya dahil sa usaping legal sa café kung saan siya inakusahan ng pagnanakaw ng kita. At gayundin dahil pumanaw na ang kanyang inalagaang matandang babae nang mapabayaan at maiwan niyang nag-iisa sa panahon ng pandemya. Kasama ang matandang babae sa libo-libong biktima ng COVID-19. Naiwan ang kanyang asawang si Darwin na nabakante mula noong nakaraang taon bagaman noong Oktubre ay nakabalik na sa kabubukas na panaderya roon.

May plano silang ayusin ang bahay sa Bulakan at gawin itong paupahan, nang sa gayon ay mapagkakitaan nila ito. Papatayuan nila ng

dalawang pintong paupahan, samantalang ang ikatlo ay bilang tirahan ng sino man sa kanila ang uuwi sa Pilipinas. Nais na nilang magbalik sa bansa at makapagsimula ng pamumuhay at kabuhayan.

## I. Jogging Road at ang Taho ni Kuya

Nakasanayan na kasi ni Ellen ang pagja-jogging sa Milano. Balingkinitan ang kanyang katawan noong hindi pa nagkakaroon ng pandemya at naikulong sila sa pamamahay ng sampung buwan. Palagi niyang iniikot ang parke sa Cairoli at bakuran ng Castello Sforzesco tuwing madaling-araw o takipsilim.

Kaya naman sabik niyang ipinagpatuloy ang ehersisyo nang makauwi siya sa Bulacan, matapos sumailalim sa dalawang linggong kuwarentina. Nais niyang ibalik ang hubog ng kanyang katawan at mapalakas ang pangangatawan sa pag-eehersisyo sa Jogging Road sa bayan ng Bulakan, malapit sa malalawak na kabukiran at patubigan.

Halos isang linggo na niya itong isinagawa. Ikinasisiya ni Ellen ang sariwang hangin, ang luntiang palayan, ang mga matatayog na puno ng kaymito, mangga, at akasya na kanyang dinaraanan. Ito ang Jogging Road, na tila nakalimutan na ang silbi mula nang magkapandemya. Malimit na alas-singko pa lamang ng umaga ay napapadaan na siya rito. Walang tao at sadyang tahimik ang lugar hanggang sa pumutok ang liwanag at marapatin na niyang makabalik ng bahay. Marami-raming larawan na ang kanyang naipost sa Facebook at Instagram na may tanawin ng mga kabukiran, ang sapang may dalisay na tubig, ang matatayog na puno ng mangga, ang payak na Bahay Dalanginan ni Santo Tomas de Villanueva, at ang mga tagak, tikling, at iba pang ibon na naglipana sa mga dinaraanang taniman. Kaya naman maraming mga kaibigan ang natuwa sa mga larawan ng Bulakan at marami rin ang nagtaka sa biglaan niyang pagbabalik sa bansa.

Ikaanim na araw nang mahuli siya ng paglabas sa bahay. Mag-aalas-sais na ng umaga nang makalabas siya. Mas mabilis ang kanyang takbo, patalon-talon pa siya, at mas malalawak ang bawat hakbang. Pilit niyang pinagod ang sarili at pinatulo ang pawis. Kailangan niya itong gawin para mahabol niya ang oras at masanay ang katawan sa klima at routine ng pagtakbo. Mag-aalas-sais y media na nang madama niya ang pagod at marapatin niyang bumalik. Patalon-talon at malalaking hakbang pa rin ang kanyang isinagawa nang kanyang marinig ang sigaw ng naglalako ng taho. Matagal na rin siyang hindi

nakatitikim nito. Naalala tuloy niya ang kanyang kabataan na taho ang kanyang agahan bago pumasok sa paaralan. Kalimitang nagluluto siya ng agahan o bumibili na lamang ng tinapay sa panaderya bago umuwi. Doon din niya naaalala si Darwin.

Minarapat niyang hanapin ang tinig ng naglalako at natanawan niya ito matapos niyang lagpasan ang dalawang kanto, malapit sa kalsada. Madalang pa rin ang mga tao sa lansangan. Hindi piho kung dahil sa nanawa na sila sa taho, umiiwas at nag-iingat magkasakit, o sadyang maaga pa rin ito para sa ilang nilalamig pa sa umagang klima ng Enero.

Kinawayan niya ang magtataho at lumapit ito. Naghintay si Ellen sa malaking puno ng narra. Dumating sa kanyang harapan ang magtataho.

"Magandang umaga. Ako ba ang buwena-mano sa taho, manong?"

"Ikatlo pa lang po. Kalalabas ko lang po sa pagawaan ng taho. Magkano po?"

Iniabot ni Ellen ang bente sa magtataho at saka niya napansin ang sunog nitong balat, ang makisig nitong katawan na nakabakat sa manipis na kamiseta at mga hitang pinalaki na ng bigat ng araw-araw na pagbubuhat ng dalawang timbang stainless na pilit niyang binabalanse. Agad nitong kinuha ang bayad at inihanda ang tahong katumbas nito. Umuusok sa init ang taho, maputi, at makinis ito. Minasdan ni Ellen ang nakayukong magtataho, hanggang sa lagyan nito ng sago at arnibal ang baso.

"Huwag mong lagyan ng maraming arnibal. Ayoko ng masyadong matamis."

Tumingala ang lalaking may pagtataka sa babaeng may kakaibang hiling sa kanya.

"Mas gusto po ng iba ang maraming sago at arnibal. Kadalasan 'yung matatanda lang po ang nagpapabawas nito."

"Hindi pa ako matanda. Ayoko lang ng sobrang tamis. Nakakaumay."

"Kaya nga po ako nagtaka, dahil sobrang bata pa po ninyo para umiwas sa matamis."

"Nambola ka pa."

"Sago lang po ang kaya kong ibigay. Pero may dagdag pa kung gusto ninyo."

"Taho lang, sapat na."

Napangiti ang binatilyong iniwan ni Ellen na may kakaibang baon na tuwa bukod sa isang basong tahong ninanamnam habang tumatakbo.

## II. Video Call

Halos araw-araw ay nagkukumustahan sina Ellen at Darwin sa online chat. Madalas na hapon ito sa Italya at bago makatulog sa gabi si Ellen sa Pilipinas. Sampu hanggang labinlimang minuto silang nag-uusap ukol sa kalagayan sa Milano at Bulakan, kung sinong Italyano o Pilipino na ang nagkasakit ng COVID-19, kung gaano kataas ang palitan ng Euro, kung sino ang gagawa sa kanilang bahay, at kung sino ang may posibilidad at dahilan para bumalik sa alin mang bansa.

"Kailan natin sisimulan ang pagpapa-renovate ng bahay?"

"Kapag sigurado na tayo sa gagawa nito. Pebrero o Marso siguro. Medyo mahirap humanap dito sa Bulakan dahil 'yung iba ay nag-uwian sa mga baryo at probinsiya nila. Mahirap pa ang transportasyon dito. Medyo di pa kontrolado ang mga kaso ng COVID-19."

"Abisuhan mo ako kapag may nakausap ka na. Huwag kang labas nang labas. Tumataas din ang kaso dito, baka magpanggabi na ulit ako sa panaderya. Mahal, buona notte."

"Buona notte. Ciao, amore."

Kadalasang papauwi na sa bahay si Darwin habang nahihimbing naman si Ellen. Palibhasa'y pitong oras ang diperensiya ng kanilang oras, kaya't sapat na ang pitong oras para sa pagtulog ng isa sa kanila para magtagpo sa napakalawak na talampas ng Messenger o Zoom.

Kung minsan, naisisingit pa nilang dalawa ang saglit na pag-uusap kung papasok pa lang sa trabaho si Darwin sa umaga, naglalakad ito patungo sa *fermata* (istasyon ng bus) at pagsakay sa tren, habang nag-aayos ng bahay o nagpapalipas-oras si Ellen matapos mananghalian. Palaging may pagitan ang kanilang oras.

Isang umaga, pauwi na si Ellen mula sa kanyang nakagawiang pagja-jogging nang tumawag sa cellphone si Darwin. Hawak niya sa kabilang kamay ang isang baso ng taho.

"Amore, alam kong miss mo na ako, pero miss mo rin ito," ipinakita pa ni Ellen ang nangangalahati nang baso na may naghahalong arnibal, sago, at taho. Nagkatawanan ang dalawa, at biglang natigilan si Darwin.

"Sa susunod na linggo, sa gabi na kami pinapapasok para raw makaiwas sa maraming tao sa labas, sa bus, at tren. Para rin daw mabawasan ng tao ang panaderya. Mula alas-otso ng gabi hanggang alas-singko ng umaga kami gagawa at saka darating ang mga pang-umaga. Medyo mababawasan ang chat natin."

"Walang problema. Mahalaga ligtas kayo. Kung hindi mo sana ako pinilit na umuwi, e di sana kasama mo pa rin ako riyan."

"Mas mahalaga sa akin ang makauwi ka na. Walang kasiguruhan ang papeles natin dito. Iwas gulo na rin. Nakaipon na naman tayo, sapat na para magsimula d'yan kapag naging normal na."

Narating ni Ellen ang bahay. Inilapag nito ang kanyang cellphone sa mesa, naghubad ng pawisang kamiseta, at saka kinausap si Darwin. Pinunasan nito ang kanyang katawan habang nakatitig sa kausap, bakas sa kanyang mukha ang inip at kawalan ng tiyaga.

"Mahirap ang mag-isa. Gusto na kitang makasama."

"Malapit na. Mas nami-miss kita kesa sa matamis na taho. Magkikita na rin tayo."

At saka hinubad ni Ellen ang kanyang bra, napangiti si Darwin, sabay pindot ng END sa platapormang Zoom.

Nagsimula nang magtrabaho sa gabi si Darwin samantalang naging abala sa pag-aayos ng bahay si Ellen. Nakita ni Ellen ang mga nabubulok na kisame dahil sa kalawanging yerong niyupi ni Ulysses. Pagod si Darwin sa pagmamasa ng mga tinapay kaya't mas nabawasan ang kanilang pag-uusap. Magdadalawang buwang nag-iisa kapwa sina Ellen at Darwin. At sa dalawang buwang ito mas pinatitindi ang kanilang pangungulila sa isa't isa.

## III. Rasyon

Malamig pa rin ang umaga kahit na pasado alas-siyete na. At gaya noong mga nakaraang linggo, nagkikita ang naglalako ng taho at si Ellen. Nakagawian niya ito, lalo't mainit ang taho at batid niyang mainam ang soya sa kanyang diyeta. Nakilala na ni Ellen si Kiko, ang suki niyang manlalako ng taho. Kabisado na nito ang timpla at kasama nito ang maikli nilang kuwentuhan mula sa paghahanda ng isang basong taho hanggang sa maubos ito ni Ellen.

"Hindi ka ba napapagod sa araw-araw na pagbubuhat ng taho at paglalako nang ilang kilometro?" Nakatingin sa malawak na bukirin si Ellen at tila natutuwa sa mga pamilya ng tagak na nanginginain ng kuhol sa tubigan.

"Sanayan lang po. Parang kayo po, nagja-jogging araw-araw pero parang di naman napapagod. Kailangan pong kumita."

"Mukhang may pamilya ka na. Ang sipag mo."

"Binata pa po, ma'am."

Napabaling ng tingin si Ellen sa binatang kanina pa nakatingin sa kanya. Napangiti si Ellen na para bang may malaking pagkakamali sa paghuhusga sa katauhan ng lalaking kanyang malimit na katagpuin tuwing umaga.

"Mahirap po ang buhay ng mga ulila. Medyo matagal din pong natigil sa paglalako ng taho mula nang ipatupad ang kuwarentina. May mga utang pong dapat bayaran at pinag-aaral ko po ang dalawa kong kapatid."

"Pareho pala tayong may sinusuportahan." Naisip ni Ellen ang kanyang obligasyon sa kapatid ni Darwin na nasa kolehiyo sa Maynila. May kamahalan ang kurso nitong Architecture.

"May anak na po kayo?" Bahagyang nagulat si Ellen sa tanong ni Kiko. Hindi niya akalaing gaganti ng pagtatanong ang lalaki.

"Hindi. Kapatid 'yun ng asawa ko. Pinag-aaral namin dahil matatanda at sakitin na ang magulang ng asawa ko."

At nagsimulang ayusin ni Kiko ang mga gamit at nagpaalam na kay Ellen. Naiwang nakatayo sa tabing kalsada si Ellen. Minasdan niya ang papalayong si Kiko at ang papahinang pagsigaw nito ng taho. Hindi niya maipaliwanag kung bakit kailangan niyang tumakbo nang matulin. May puwersa sa kanyang kalooban para habulin ang binata. May nais sana siyang sabihin pero hindi niya alam ang eksaktong salita. Basta gusto niyang muling kausapin ito. Maaaring nakatagpo siya ng isang matinong kausap matapos ang ilang linggong pag-iisa at madalang na pakikipag-chat kay Darwin. Maaaring dahil alam niyang may interes din sa kanyang buhay si Kiko. O baka simpleng may posibilidad silang maging mas malapit sa isa't isa. Hinihingal man, pilit niyang hinabol ito. Naabutan niya ito sa harap ng dalawang batang naghihintay ng kanilang biniling agahan. Tahimik nitong sinalok ang kumakatas na tubig at saka ito itinapon sa aspaltong daan.

"Hindi po yata ito ang karaniwan ninyong daan pauwi, ma'am," pansin ng lalaking patuloy sa kanyang ginagawang pagtatakal ng puting soya sa dalawang basong kanyang nakasanayang hawakan sa iisang kamay.

"Baka hindi ako lumabas sa mga susunod na araw. Aabangan ko ang asawa ko para maka-chat at magiging abala ako sa paghahanap ng maaaring makatulong sa pag-aayos ng bahay. May sira kasi ang kisame at alulod," ang nahagilap na dahilan ni Ellen para sa kanyang pagpupumilit na habulin ang binata.

"Okay lang po. Baka nagsasawa na rin po kasi kayo," ang tugon ni Kiko habang hinahalo nito ang sago at arnibal sa dalawang baso. Ibinigay

niya ito sa dalawang batang sabik sa linamnam ng nakagawiang pagkain sa umaga. Hinihingal pa ang babaeng nagbabaka-sakaling maisakatuparan ang kanyang pakay at makapagbigay ng mas matibay na paliwanag.

"Mahirap magsawa sa bagay na nakasanayan na. Iniisip ko na baka puwedeng dalhan mo na lang ako ng taho sa bahay," pagbabaka-sakali ni Ellen kay Kiko. Umaasa siyang papayag ito. Isa rin itong paraan kung papaano niya sukatin ang pagiging malapit nito sa kanya.

"Hindi ko na po kasi area 'yung sa lugar ninyo, pero susubukan ko pong makipagpalit bukas sa kaibigan ko," nakangiti ito habang nakatingala sa kausap at bahagyang nasisilaw sa sinag ng araw. At saka dumampi ang ligamgam ng sinag sa mukha ng babaeng may lakas ng loob na magbigay ng panukala at pagkakaroon ng posibilidad na matupad ang kanyang alok. Kumpirmasyon din ito na kahit pa may naglalako ng taho sa kanyang lugar ay gagawa ng paraan ang binata para lamang siya mapagbigyan o sa mas makahulugan pa nga'y para magtagpo sila. Binuhat na ng binata ang kanyang paninda at saka ito lumingon kay Ellen.

"Sige po, ingat sa pag-uwi." At nagsimula silang lumakad sa magkaibang direksiyon. Kapwa nila inaasam ang pagdating ng kinabukasan.

## IV. Pane e Pasticceria

Lubog na ang araw nang umalis si Darwin patungo sa panaderya. Nagbago na ang iskedyul ng kanilang pasok. Panggabi na ang mga tagapaghanda ng masa at hurno, samantalang sa umaga na ang mga naglalagay ng dekorasyon sa mga pastries at tinapay, tagaayos ng eskaparate at mga kahon, at ang mga nagbebenta ng tinapay. Magsisimula ang kanilang pagtatrabaho ng alas-nuwebe ng gabi at matatapos ito ng alas-singko ng umaga.

May bentahe rin naman ang ganitong oras ng pagtatrabaho. Nakaiiwas sila sa buhos ng tao sa umaga, mas maluwag ang mga bus at tren, at mas malamig ang hangin lalo't malapit sila sa hurno at kulob ang silid na kanilang pinagtatrabahuhan. Kontrolado kasi ang init at hamog sa loob ng panaderya para sa krema, lebadura, *pasticceria conglassa di zucchero e frutta,* at harina.

Ito ang unang trabaho ni Darwin buhat nang dumating sila sa Milano bilang turista noong 2013. Dati kasi siyang may-ari ng panaderya sa

Bulakan hanggang sa maimbitahan siya ng kaibigan sa Italya. Ibinenta nila ni Ellen ang bukid sa Bulakan at iniwan ang bahay rito na minsan sa isang buwan kung bisitahin ng kapatid ni Darwin. Minabuti nilang mangibang bansa at doon humanap ng kabuhayan at mas magandang kapalaran.

Sa Milano sila nagsimula at namuhay nang ilang taon na baon ang pag-asang magiging ganap na Italyano. Naging mahirap ang unang tatlong taon sa kanila. Nag-alaga ng bata at matanda, naglinis ng mga villa sa *montagna*, naging tutor ng Ingles, hanggang sa maging panadero si Darwin at naging waitress sa café si Ellen. Nakailang *carta* at *permesso di soggiorno* (residence permit) sila bilang pansamantalang naninirahan sa Italya. Hanggang sa magkaroon sila ng sariling bahay dahil kay Annie, ang baklang may-ari ng parlor na naging malapit sa kanilang mag-asawa. Ang totoo, mas malapit kay Darwin ito dahil siya ang nag-imbita sa kanila sa Milano at dating kaklase ito ni Darwin sa kolehiyo. Aminado si Darwin at tanggap naman ni Ellen na si Annie ang karelasyon nito noong kolehiyo pa sila sa Maynila.

Ilang taon silang magkasama sa bahay na may kalayuan sa Centro, kaya ipinagkatiwala na ito ni Annie sa kanila.

"Naku, kayo na muna ang bahala sa bahay. Alam n'yo namang hindi mabubuhay si Gavino kapag nalayo ako sa kanya," sabay hagalpak ni Annie habang iniaabot ang susi kay Darwin.

"Basta ang mahalaga, ingatan lang ninyo ang mga gamit. Baka kasi multuhin kayo ni Primo. Ayaw nu'n ng madumi at burara sa gamit nu'ng nabubuhay pa siya. Pero tiwala naman ako sa inyo," sabay kindat ni Annie kina Ellen at Darwin. Si Gavino ang kinakasama ni Annie at ang nagpatayo ng parlor at may-ari ng panaderya sa Centro, samantalang si Primo ang unang kinasama ni Annie bagaman namatay dahil sa katandaan. Walang pamilya si Primo dahil sa itinakwil siya sa pagiging bakla ng pamilyang Hudyo, kaya't si Annie na ang naging katiwala ng bahay nito. Naging malungkot ang mga panahong nag-iisa si Annie hanggang sa makilala niya si Gavino.

Lalo pa ngang pinalad ang mag-asawa nang kunin ni Gavino si Darwin sa kanyang panaderya. Nalaman nitong may kaalaman ito sa pagluluto ng tinapay. Bukod pa, rekomendado siya ni Annie.

Sadyang naging magaan ang kanilang pamumuhay. Bagaman mailap sa kanila ang pakay na citizenship. Ilang taon nilang pinaghirapan na maiayos ang kanilang papeles. Pinagtiyagaan nila ang pagtatrabaho para

makaipon para sa kanilang planong bumukod. Bagaman hindi lahat ng pagkakataon ay matamis ang kapalaran para sa kanila.

"The other waitress told me that you stayed longer in the cashier last night. *Pagherai per quello che hai rubato*," ang bintang ng kanyang among Italyano nang mawalan ito ng ilang libong Euro mula sa tatlong araw na kita ng café. Muntik pang makulong si Ellen, mabuti na lamang at nakiusap si Annie at Darwin na kanilang babayaran ang nawalang halaga.

Ilang linggong iniyakan ito ni Ellen. Hindi niya matanggap na siya ang itinuturong magnanakaw samantalang lima silang waitress doon at maaaring ang isa sa kasamahan ang nagnakaw. May usapin pa rin sa pagiging Asyano at bagong salta sa Italya. Hindi sila makapalag dahil batid nilang mas mahihirapan silang ayusin ang kanilang papeles kung may maghahabla sa kanila.

"Ellen, baka naman naitabi mo ang pera kung saan sa café?," ang tanong ni Annie habang nakatitig ito sa paikot-ikot na tinidor sa malalamig na ravioli. Pailalim ang tingin ni Ellen kay Annie. Nagbabanta itong huwag nang ipagpatuloy pa ang pagtatanog.

"Sinasabi mo bang nasa akin pa ang pera? Pinagbibintangan mo rin ako, Annie?" ang madiin bagaman mahinahong paglilinaw ni Ellen. Nanatiling tahimik si Annie, habang nakatitig sa dalawa si Darwin. Mahinahong itinabi ni Ellen ang mga kubyertos sa gilid ng kanyang pinggan na may laman pang ilang piraso ng ravioli at *enselata*, at saka ito tumayo at iniwan ang dalawang kasa-kasalo sa hapunan.

"*Pan di sudore, miglior sapore*," ang tahimik na naibulong ni Darwin sa sarili. Isa itong kasabihang Italyano, na mas malinamnam ang tinapay kung ito ay pinaghihirapan sa hurno.

## V. Renobasyon

Nakaupo sa komedor si Ellen. Hawak ang cellphone na nagdidikta sa kanya ng oras. Mag-aalas-otso na nang marinig ni Ellen ang sigaw ng magtataho. Ito ang palagi niyang naririnig sa Jogging Road. Agad siyang nagtungo sa kusina para kunin ang baso na paglalagyan ng kanyang paboritong pagkain sa umaga, o maaaring dahil ito kay Kiko na naging paborito na niyang katagpuin tuwing umaga. May kakaiba talagang katangian ang dalawampu't walong taong gulang na lalaking ito, na may ngiti at maamong mga mata. At sa umagang ito, nakita ni Ellen na ang lalaki ay basang-basa sa pawis. Tantiya niyang inikot muna

nito ang kabilang panig ng subdivision gaya ng ginagawa ng iba pang naglalako at maaaring isa siya sa mga huling kabahayan na kanyang madadaanan.

"Ngayon ka lang. Naubusan na yata ako?" ang bungad ni Ellen. Hindi niya masabing si Kiko ang mas hinihintay niya at hindi ang pasan-pasan nito.

"Inikot ko po muna ang kabilang daan. Sabi po ng kaibigan ko, marami raw pong nag-aabang doon tuwing umaga. Huwag pong mag-alala, may natitira pa naman po," ang tugon ni Kiko. At saka niya kinuha ang basong hawak ni Ellen.

"Basang-basa ka na sa pawis. Mukhang mas malayo ang rutang ito at mataas na kasi ang araw. Gusto mo ba ng malamig na tubig?" inalok ni Ellen. Isang paraan ito para maiparamdam kay Kiko ang kanyang malasakit. Tuloy-tuloy sa pagsalok ng taho na nasa kailaliman na ng timbang aluminyo. Hindi ito kumibo. Hinintay na lamang ni Ellen na matapos at maiabot sa kanya ang baso. At saka niya iniabot ang singkuwenta pesos kay Kiko. Magsusukli na ito nang sabihin ni Ellen na sa kanya na ang sukli. Napangiti si Kiko.

"Higit pa po sa dalawang baso ang ibinayad ninyo sa akin. Sige po, lubusin na ninyo. Makikiinom na rin po."

Estranghero si Kiko at ilang linggo pa lamang silang nagkakakilala. Maaaring marami na kasi silang nalaman kapwa sa kanilang buhay. Pinanghahawakan nila ito, bagaman walang balak si Kiko na tumawid pa sa linya ng buhay ni Ellen.

"Ay naku, sige, itabi mo muna rito ang mga timba. At sumama ka na sa loob," dali-daling pumasok si Ellen, bagaman naiwan si Kiko sa tarangkahan ng bahay. Nanatili sa pagiging bagong kakilala ang lalaking bahagyang nagtataka sa inaasal ng kanyang suki. Ilang saglit at lumabas na si Ellen na dala ang isang basong tubig at kamisetang pampasalubong mula sa Italya.

"Uminom ka at magpalit ng damit," napangiti si Kiko dahil hindi niya inaasahan ang ganitong pagmamalasakit sa kanya. Tuloy niyang ininom ang tubig nang walang patid hanggang sa ito ay maubos.

"Okay na po. Maraming salamat."

"Magpalit ka na. Matutuyo ang pawis mo," ang utos ni Ellen sa napapangiti at umiiling na si Kiko.

"Maraming salamat na lang po. May baon naman po akong bimpo," ang pagtangging tugon na may halong hiya. Binalikan ni Kiko ang mga

timba ng taho at saka ito nagpaalam. Alam niyang kalabisan na ang tanggapin pa ang kamisetang ibinibigay ni Ellen lalo't hindi naman sila gaanong malapit sa isa't isa. Hindi na rin nagpumilit pa si Ellen. Sapat na sa kanyang mapainom ang lalaking ilang ulit niyang kinatagpo sa lansangan at ngayon ay malayang pinapasok sa bakuran ng kanilang pamamahay.

Buong maghapong inisip ni Ellen ang mukha at pangangatawan ni Kiko. Naririnig rin niya ang malumanay nitong boses. Naging mas masigasig pa siya sa paghihintay para sa pagbabalik nito kinabukasan. Nararamdaman niyang isa itong bagay na kailangang mangyari. Walang mahanap na paliwanag kung bakit nawawaglit ang kanyang kalungkutan at pangungulila kay Darwin. Mayroon nang dahilan kung bakit kailangan niyang umuwi at manirahan sa Bulakan.

Kaya't nagigising siya sa umaga para abangan ang pagdaan ni Kiko. Ilang araw na palaging dumadaan ito at kahit hindi niya nauubos o sadyang nauumay na siya sa lasa nito ay tinutupad pa rin niya ang regular na rasyon ni Kiko. Pinasosobrahan na niya ang bayad at pinaiinom ito ng tubig para lang pawiin ang pagod ng kayumangging binata, bagaman saglit lang ang kanilang pagkikita tuwing umaga.

Isang umaga nang kanyang tanungin si Kiko, "May kilala ka bang maaaring gumawa ng kisame at alulod?"

Ilang sandali itong nag-isip habang pilit na inuubos ni Ellen ang maligamgam na taho sa harap ng binata. Ilang linggo na rin kasi itong naghihintay ng gagawa. Ilang tao na rin ang kanyang nakausap pero hindi naman din natuloy na magkumpuni. O maaaring may nauuna sa kanyang mangontrata at nagbibigay ng mataas na singil. Maaaring mahirap din kasi ang kalagayan lalo na't mahirap ang pagbili ng materyales sa panahon ng kuwarentina. Itinatanong na rin ito ni Darwin kay Ellen, kaya't kung minsan ay nililibang niya ito kapag nasa video call sila. Wala rin siyang mahanap na gagawa sa bahay para ito ay mahati at magkaroon ng mga paupahan. Tila nagkawatak-watak ang mga karpintero at marami ang abala sa pangongontrata sa panahon ng tag-init.

"Dati po akong umeekstra sa kapitbahay naming foreman sa construction. Baka naman po magawan pa natin ng paraan 'yan," ang inosenteng panukala ni Kiko. Alam niyang matagal na itong dapat na naumpisahan at natapos. Pero nanatili siyang tahimik, at ngayon lang siya nag-alok upang isagawa ang pag-aayos nito. Isa ito sa mga nasira

ng bagyo noong nakaraang taon. At ngayong taon ay mabubuo na naman ang mga bagyong mapanira sa maraming tahanan.

## VI. Mainit ang Pugon

Madalas na umaalis ng bahay si Darwin nang mas maaga para abutan ang bus patungo sa Centro ng Milano. May oras kasi ang bawat pasada ng bus at madalas na napupuno na ito, magsasara ang mga pinto, at aalis agad. Kailangang maghintay na lamang ng susunod na biyahe at kalimitan ay may pagitan itong labinlimang minuto. Mas minamarapat niya ang maagang makarating sa Centro at doon na lamang magpalipas ng oras para sa kanyang pagpasok sa panaderya.

Nadaanan niya ang parlor ni Annie. Sarado ito. Inisip niyang nagbakasyon sina Annie at Gavino dahil tumataas na naman ang kaso ng COVID-19 sa Milano. Madalas kasing nasa bahay sa *montagna* ito lalo na ngayon na tagsibol na at nagsisimula nang uminit ang Mediteraneong hangin. At kung magkakaroon ng ikatlong bugso ang pandemya, siguradong sarado na naman ang parlor at kailangan nilang lisanin ang siyudad. Ilang ulit siyang nagdaan sa parlor pero nanatili itong nakasarado.

Pauwi na si Darwin, madilim pa at kakapirasong liwanag lang ang nasa kalawakan. Bumaba siya sa bus at naglakad patungo sa bahay. Bahagya na rin siyang hinihingal dahil sa pagod ng trabaho at antok. Wala pang tao sa tahimik na kalyeng may ilang aandap-andap na *lampione* at basa pa ng hamog ang talulot ng mga puting *giglio*. Baon ni Darwin ang supot ng maligamgam na *foccacia* na kanyang agahan, na kalimitan ding pinagsasaluhan nila ni Ellen, bagaman ngayon ay madalas na maluma at amagin sa loob ng kanyang toaster. Mahirap ang mag-isa, lalo na't nakasanayan na ang may kasa-kasama. Pero dapat magsakripisyo. Iniiwas na rin niya si Ellen sa masalimuot na usaping ligal at paglalim ng tampuhan nila ni Annie. Ito naman din ang dahilan kung bakit niya ninais na makauwi na si Ellen sa Pilipinas.

Ilang talampakan na lamang ang layo niya sa tarangkahan ng bahay nang mapansin niyang may nakaupo sa gilid ng kalsada. Hindi ito karaniwan. Walang kapitbahay ang lumalabas at nauupo sa kalsada. Nakatungo ito at tila tinitiis ang lamig ng madaling-araw. May katabi itong maleta. Inisip niyang nagbalik na si Ellen bagaman, wala itong nabanggit sa kanya. Papalapit pa siya nang makilala niya itong si Annie.

"Annie, anong nangyari?" ang gulat na pagtatanong ni Darwin. Lumingon ito at nakita ni Darwin ang namamagang pisngi at putok na labi ni Annie. Namumugto rin ito. Tumayo ito at saka yumakap kay Darwin. Naramdaman ni Annie ang init matapos ang ilang oras na pagtitiis sa malamig na lansangan. Muli namang nakadama si Darwin ng awa sa dating naging karelasyon. Pumasok sila sa bahay at naibsan nito ang lamig at pagod kina Darwin.

"Si Gavino. Iniwan na niya ako. May Rusong bakla siyang kinakasama. Itinago niya lang sa akin. Nalaman ko lang nu'ng isang buwan nang magpunta ang Rusong bakla sa montagna," nag-umpisang magkuwento si Annie habang nagtitimpla ng *doppio espresso* at inihahain ang foccacia. Tuloy sa pagdampi ng maligamgam na tuwalya sa mukha si Annie habang nagpapatuloy sa pagsasalaysay.

"Nagpakilala ito. Umamin naman si Gavino. Gusto niyang magsiping kaming tatlo. Hindi ako pumayag. Nagalit ako. Binigwasan ko ang Rusong bakla. At doon ako sinaktan ni Gavino," natahimik si Annie at napatitig sa tasa ng kapeng umuusok sa init. Walang magawa si Darwin kundi ang maupo sa harap nito at makinig.

"Pinalayas niya ako, Darwin," at saka nagsimulang umiyak si Annie. Inabot na lamang ni Darwin ang kamay nito at ipinadama ang pagdamay, at nagsimulang lumamig ang kape at maluma ang tinapay. *Il caffè amaro è più dolce se condiviso.*

## VII. Matibay na Pamamahay

Naghanda ng mga materyales si Ellen para sa kisame at alulod. Ito ang araw na kukumpunihin na ito ni Kiko. Alam niyang darating ito at maaaring may makasamang makakatulong para sa paggawa nito. Kaya naman naghahanda na rin siya ng meryenda at pananghalian para sa kanila. Ang alam niya, pakyawan ang trabaho kaya't tatapusin ito sa buong maghapon. Maglalako kasi si Kiko kinabukasan.

"Hindi na po sumama ang kaibigan ko. Kaya ko naman pong ayusin ito. Kailangan lang pong tanggalin ang kisame at palitan ito. At saka pipinturahan. Tatagpian lang po natin ng sealant ang alulod na tumatagas," ang paliwanag ni Kiko. Sigurado siya sa kanyang isasagawa. Alam niyang matatapos ito bago lumubog ang araw. Subalit tila habang tumatagal sa paggawa ay nakakikita siya ng dapat na ayusin gaya ng paglilinis sa loob ng kisame, ang pagpapalit ng ilang kable ng ilaw dahil sa talop na ito at maaaring maging sanhi ng sunog. Saglit nga lamang silang

nananghalian ni Ellen, bagaman napakarami nilang napag-usapan. Nakahain ang simpleng ginisang gulay at pritong liyempo na ilang araw niyang pinag-isipan. Bagaman mas nakatatakam ang napapanahong pineras na chico na matagal na niyang hinahanap. Nangangamoy lasing ito at nakasisigurong makatas at matamis dahil halos 'singlaki ng kanyang kamao.

"Gusto ko rin pong makatapos, pero mahirap pong pagsabayin ang pagtatrabaho at pagpapaaral sa mga kapatid."

"Puwede ka pa naman mag-aral. Huwag ka lang agad mag-aasawa," napangiti si Kiko. Isang katatawanan ang ideya ng pag-aasawa para sa kanya. Batid niyang malaking responsabilidad ang magkaroon ng sariling pamilya.

"Wala po sa plano ko 'yan. Kapag naitawid ko na ang mga kapatid ko, gusto ko muna pong magkaroon ng sariling negosyo. Marami pong babae, pero kakaunti ang oportunidad sa buhay," parang biro lang ito kay Kiko pero seryoso niyang pinaninindigan ito.

"Pero madalang naman ang tulad ko," napangiti si Kiko. Tinatalupan ni Ellen ang pineras na chico at saka ito inihapag sa platitong nasa kanilang harapan.

"Totoo naman po. Madalang na ang gaya ninyong mabait," at saka kinuha ni Kiko ang isa pang chico na hindi pa natatalupan at saka ito kinagat. Hindi niya lang masabi kay Ellen na ang chico na kanyang napili ay hilaw at mapakla pa. Pinili niyang tiisin ito at lunukin. Naibsan lang ito nang kanyang ubusin ang tubig sa baso. Tumayo si Ellen at muling sinalinan ng tubig ang baso ni Kiko.

"Huwag kang masyadong mapili. Ang lahat ng chico sa mesa ay hilaw kong binili, at tanging ang dalawa lang na tinalupan ko ang hinog at matamis," at saka niya kinuha ang tinalupang chico at inilapit sa bibig ng binata. Kinagat ito ng binata at napatunayan niyang matamis nga ito. Inubos ni Kiko ang mabangong prutas habang ininom naman ni Ellen ang tubig sa baso ni Kiko. At nagkatawanan silang dalawa. Hinagilap ni Ellen ang kanyang cellphone at saka sila kumuha ng ilang larawang magkasalo sa pananghalian.

Nakatuwaan ding kunan ng larawan ni Ellen ang nakumpuning kisame habang inuumpisahan na ni Kiko ang alulod sa bubungan. Agad niyang naipost ito sa kanyang Instagram. At gaya ng dati, muli niyang hinalughog ang mga larawang bagong upload lamang. Doon niya nakita ang mga larawang naipost ni Annie. Pamilyar ang kuwarto. May larawan

siya sa tabi ng tokador, sa bintanang may kurtinang si Ellen pa ang nagkabit, at sa kamang may mahimbing na lalaking natutulog. Katabi ng kumuha sa larawan ang lalaking nakadapa. Bagama't walang mukha ito, may banayad na liwanag na nanggagaling sa bintana, kaya't bakas ang detalye ng kanyang buhok, balikat, at braso. Nakaramdam siya ng kirot sa dibdib. Sa Instagram ni Annie nakasaad ang #BALIKBAHAY, #AMOREMIA, at #CHILLTAYO. At napansin niya ang kuwadro sa itaas ng kama na may magkahawak-kamay at may tekstong, "*La vita è bella*."

## VIII. Tagsibol at Tag-init sa Panahon ng Pandemya

Walang anumang mababakas na tuwa o pangungulila sa mukha ni Ellen nang mag-usap sila ni Darwin matapos ang pagpapakumpuni ng kanilang bahay. Hinayaan niyang si Darwin ang magsabi, magpaliwanag, o umamin sa kanyang nakitang mga larawan ni Annie. Isang malaking kahihiyan din ito sa mga kaibigan nila sa Milano at Pilipinas. Gusto niyang maging malinaw ang lahat para maiplano niya ang kanyang susunod na gagawin. Kung sa bagay, halos magkahawig din naman ang kinaharap nilang tukso.

"Natapos na ang pagsasaayos ng kisame at alulod. Mahusay ang gumawa nito," ang bungad ni Ellen, ilang araw matapos itong gawin ni Kiko. Nagkataong bumuhos ang ulan kinabukasan at napatunayang hindi na kumakatas ang kisame sa kusina at tuloy-tuloy na ang agos ng tubig sa alulod ng bahay. Bagaman, kailangang balikan ni Kiko ang kisameng nangangailangang mapinturahan nang buo.

"Oo nga, amore. Nakita ko ang pictures na nai-post mo. Bawas sa problema natin 'yan," ang natutuwang tugon ni Darwin, subalit nanatiling walang emosyon ang mukha ni Ellen.

"Hahanap na ako ng malilipatang bahay," ang dugtong ni Ellen.

"Nakahanap ka na ba ng contractor sa apartment? Kakailanganin mo ngang iwan ang bahay habang isinasagawa ang renobasyon. Pero linawin mo muna ang usapan ha," ang bilin ni Darwin sa asawang nananatiling walang interes sa pinag-uusapan.

"May dapat ngang linawin muna," pinutol ni Ellen na bahagyang nagtaas ng tono. Napipikon na siya at gusto na niyang komprontahin ang asawa. Kapirasong pasensiya na lang ang natitira sa kanyang kalooban, at unti-unti na rin itong sumisingaw dahil sa kanyang galit.

"Ayan, dapat nga. Teka, alam mo ba ang nangyari kay Annie? Naghiwalay na sila ni Gavino," ang biglang pasok ng paksang kanina pa

inaabangan ng kanyang asawa.

"Kaya ba siya bumalik sa iyo?" agad na tanong ng babaeng nalulunod sa paninibugho.

"Hindi. Pinalayas at sinaktan siya ni Gavino, dahil may baklang Ruso itong karelasyon. Ayun, natagpuan ko noong papauwi ako sa labas ng bahay, putok ang labi. Nakakaawa nga," napayuko na lamang ito.

"Naawa ka kaya nagsiping kayong dalawa?" Lalo pang naging marahas ang paratang ng asawa ng panadero. Bahagyang nanahimik at napahugot ng malalim na hininga ang lalaking walang aaminin kundi ang kabutihang loob sa kaibigan.

"Hindi. Mas pinili niyang sa sala na matulog. Nakatulog na ako nu'n. Paggising ko, wala na siya. Malamang nakita mo na ang pictures niya sa IG. Sira talaga ang ulo ni Annie. Huwag maniwala o mag-isip ng ano pa man. Iniwan pa nga niya ang mamahaling relong regalo sa kanya ni Primo, na may maikling bilin na ibebenta o isasangla ito para sa dapat nating bayaran sa café. Umalis na siya at sa mga kaibigan muna sa Como maglalagi habang mataas pa ang kaso ng COVID-19 sa Milano. Umiiwas na rin siya kay Gavino."

Nagkaroon ng katahimikan sa pagitan ng mag-asawang pinagigitnaan ng milya-milyang teritoryo at karagatan. Isang pisi lang ng liwanag ang nag-uugnay sa kanilang dalawa, bagaman hindi ito lubos na garantiya na magtatagal dahil sa maaaring marapatin ng isa sa kanila na patirin ito sa gitna ng kanilang katahimikan. Bagaman, mas matibay nga lang sa pising ito ang lubid ng pagmamahal at tiwala nila sa isa't isa.

"Kaibigan natin si Annie. Unawain mo sana siya at magtiwala ka sa akin. *Ti amo e questo è quello che devi ricordare*," at lalo pang pinagtibay ni Darwin ang lubid na nagbibigkis sa kanilang dalawa. Unti-unting nagbago ang klima sa Italya at Pilipinas. Kapwa naging maligamgam ang init ng hangin. Meditereneong hangin ang umiihip na sapat upang salubungin ang tagsibol, samantalang patuloy sa pag-ihip ang hanging amihan na patungo sa panahon ng tag-init. Kung hindi lamang nagkaroon ng pandemya ay magsisimula na rin ang panahon ng paglalakbay ng mga turista at mga balikbayan. Panahon din ito ng pagpapagawa o paglilipat patungo sa bagong bahay. Kapwa plano ito ni Darwin, ang makalipat sa Centro para mapalapit sa trabaho at makatipid sa pamasahe, at plano rin niyang makauwi ng Pilipinas sakaling magkaroon ng sapat na salapi at pagkakataon, pansamantala man o habambuhay.

## IX. Santo Tomas de Villanueva

Sumapit na ang panahon ng Kuwaresma. Natuloy rin ang pagpapagawa ng apartment. Pansamantalang nangupahan si Ellen malapit sa kapilya ng Santo Tomas de Villanueva sa Barangay Pitpitan, Bulakan. Ilang metro lamang ang layo nito sa kanilang ginagawang bahay. Kailangan niya ng pansamantalang tutuluyan dahil sa kasamang dudugtungan ang kanyang silid para sa pagpapalaki nito. Araw-araw niyang binibisita ito. Sa umaga ay dinadaanan niya ito bilang bahagi ng kanyang ruta sa pagtakbo. At sa hapon naman ay napapasyalan niya ito bago lumubog ang araw. Kinukuhanan niya ito ng larawan at bidyo na kanyang ina-upload sa kanyang social media accounts at ipinadadala rin kay Darwin. Madalas pa ngang kasama sa larawan si Kiko bilang katuwang na mason ng contractor. Si Kiko pa nga ang madalas niyang tanungin ukol sa mga materyal at disenyo ng bahay.

Tuloy-tuloy ang pagtatayo ng bahay, bagaman muling ipinatupad ang Enhanced Community Quarantine dahil sa nakaaalarmang pagtaas ng mga kaso ng COVID-19 noong Abril. Natigil ito pansamantala, at gayong ito ay ipinatupad sa mga araw ng Semana Santa. Araw-araw ring dumadaan si Ellen sa kapilya. Nagdarasal, nakikiusap, at humihiling sa patrong Santo Tomas de Villanueva na maituloy na at matapos ang kanilang bagong bahay. Panahon na ng pagninilay ito.

Sa Bulakan, napagkakatiwalaan ni Ellen si Kiko sa pagbabantay ng bahay. Mas lalo pa nilang pinahalagahan ang pagkakaibigan at malasakit sa isa't isa. Sa isang hindi inaasahang pagtatagpo at pagiging suki nabuo ang samahan ng isang ulila at nangungulila. Batid nilang mas dapat pahalagahan ang pagkakaibigan.

Sa Milano, lumabas ng bahay si Darwin. May dala itong maleta. Alam niyang makabubuti ang desisyong ito. Nagsimulang sumibol ang mga bulaklak sa mga hardin ng Milano, at naging mas malilim at mabunga ang mga puno sa Bulakan.